Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/12

Pagbigay ng Tamang Panghalip na Panao

A. Punan ng **ako**, **ikaw**, o **siya** ang patlang.

1. Si Myrna ang kaibigan ko. _____ ay mabuting kaibigan.
2. Binuksan ko ang telebisyon. Manonood _____ ng *cartoons*.
3. Bebot, tinatawag ka ni Nanay. _____ ang uutusan niya na pumunta sa tindahan.
4. Alicia, nariyan na ang sundo mo. Naghihintay _____ sa labas ng silid-aralan natin.
5. Victor, tulungan mo akong maglinis. Ako ang magwawalis at _____ naman ang magbubura ng pisara.
6. Pagod na pagod na ako kaya magpapahinga muna _____ sa sala.

B. Punan ng **kami**, **kayo**, o **sila** ang patlang.

1. Ako at si Kevin ay gigising nang maaga. Magbibisikleta _____ sa parke.
2. Narito na ang mga kaibigan mo. Sasabay _____ sa iyo papunta sa paaralan.
3. Mga bata, nagbibihis pa si April. Umupo muna _____ sa sopa habang hinihintay ninyo siya.
4. Ako at aking mga magulang ay magsisimba. Pupunta _____ sa Simbahan ng Peñafrancia.
5. Abdul, Amir, sa Huwebes na ang palaro. Handa na ba _____?
6. Ang mga bisita ay nasa sala. Bigyan mo _____ ng malamig na inumin.